# Hello mula sa VANUATU!

Ang Vanuatu ay isang tropikal na islang bansa sa Pacific Ocean. Mahigit 300 libong tao ang naninirahan doon!






## ANG AKLAT NI MORMON

Ang Aklat ni Mormon ay isinalin sa Bislama noong 2004. Mula noon, mga 8,000 tao pa ang sumapi sa Simbahan sa Vanuatu!

Ang mga miyembro ng Simbahan sa Vanuatu ay dumalo sa isang debosyonal ni Elder Gary E. Stevenson noong Agosto 2017.



## TROPIKAL NA ISLA

Ang Vanuatu ay kilala sa magagandang beach at malinaw na asul na tubig nito. Ang ilan sa mga beach ay itim ang buhangin!







## MAKULAY NA PERA

Matingkad ang kulay ng pera ng Vanuatu na nagpapakita ng mga tanawin mula sa pamumuhay sa mga isla at mga halaman at hayop na naninirahan doon.




## WIKA

Bislama, English, at French ang opisyal na mga wika. Halos lahat ay nagsasalita ng Bislama!

MGA LARAWANG-GUHIT NI ANNA OLDROYD



AKTIBIDAD

## Mga Koronang Bulaklak

Para sa mga piyesta at seremonya, nagsusuot ng makukulay na koronang bulaklak ang mga tao sa Vanuatu.

Gupitin ang **de-kolor na papel** sa hugis-bulaklak. Gumawa ng maliit na butas sa gitna ng bawat bulaklak. Gumupit ng **tali** na sapat ang haba para maipalibot sa ulo mo. Itali ng sinulid ang mga papel na bulaklak sa pisi. Pagkatapos ay magkasamang itali ang dulo ng mga pisi. Handa nang isuot ang korona mo!



RESIPE

## Coconut Cake

Ang coconut cake ay popular na pagkain sa Vanuatu. Narito ang isang resipeng maaari mong subukan!

1. Magbati ng **½ tasang asukal** at **¾ tasang tinunaw na mantikilya** sa isang mangkok.
2. Magdagdag ng **2 itlog** at haluin.
3. Maghalo ng **½ tasang harina, 1 tasang ginadgad na niyog,** at **1 kutsaritang baking powder**.
4. Ibuhos sa isang bilog na cake pan na nilagyan ng mantika at i-bake nang 20 minuto sa 300°F (150°C).

**Siguraduhing magpatulong sa isang adult!**